



Pagbabalik-loob

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jos 5:9a, 10-12)

Lumaya na ang Bayang Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto

⁵Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Josue: “Inalis ko ngayon ang kahihyan ng pagkaalipin ninyo sa Egipto.”

Pagdiriwang ng Paskuwa

¹⁰Samantalang nasa Gilgal sa kapatagan ng Jerico ang mga Israelita, ipinagdiwang nila ang Paskuwa noong hapon ng ikalabing-apat ng unang buwan. ¹¹Kinaumagahan, araw pa rin ng **Paskuwa**, kumain sila ng mga pagkaing inani nila sa lupaing yaon: sinangag na trigo at tinapay na walang lebadura.

Kumain ng Ani ng Lupa

Pagkakain nila ng pagkaing inani sa lupaing



iyon, tumigil na ang pag-ulan ng manna. ¹²Kaya't mula nang taong iyon, pagkaing inaani sa Canaan ang kanilang ikinabuhay.

Tema: **Ang Paskuwa**

PAGNINILAY

Tinupad ng Diyos ang pangako n'ya mula pa kay Abraham, Isaac, Jacob, kay Moises at sa mga mamamayan ng Israel.

**SALMONG TUGUNAN (Slm 33)
MAGSUMIKAP TAYONG KAMTIN
ANG PANGINOONG BUTIHIN.**

IKALAWANG PAGBASA (2 Cor 5:17-21)

Bagong Nilikha

¹⁷Ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya’y bago na.

Larawan ng Diyos, Nakikipag-isa

¹⁸Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Kristo, **ibinilang niya akong kaibigan**—di na kaaway—

Gawaing Makikipagkasundo

at hinirang niya ako upang panumbalikin sa kanya ang mga tao. ¹⁹Ang ibig kong sabihin, ang tao’y **ibinibilang ng Diyos na kanyang kaibigan** sa pamamagitan ni Kristo, at nililimot na niya ang kanilang mga kasalanan. At ipinagkatiwala niya sa akin ang balitang ito.

²⁰Kaya’t ako’y sugo ni Kristo; parang ang Diyos na rin ang namamanhik sa inyo sa pamamagitan ko: **makipagkasundo** kayo sa Diyos. ²¹Hindi nagkasala si Kristo, ngunit dahil sa atin, siya’y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.

Tema: **Pakikipagsundo**

PAGNINILAY

Sa panahon ngayon ng Kuwaresma, tayo ay tinatawag upang maki-isa sa Diyos. Talikuran natin ang ating mga kasalanan at mamuhay ng naaayon sa kagustuhan ng Diyos.

MABUTING BALITA (Lc 15:1-3, 11-32)

¹NOONG panahong iyon: Ang mga publikano at ang mga makasalanan ay nagsisilapit upang makinig kay Hesus. ²Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at ang mga eskriba. Ang sabi nila: “Ang taong ito’y nakikisalamuha sa mga

makasalanan at nakikisalo sa kanila.” ³Kaya’t sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito:

¹¹“Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. ¹²Ang wika ng bunso, ‘Ama, ibigay na po ninyo sa akin ang mamanahin ko.’ At binahagi sa kanila ng ama ang kanyang ari-arian. ¹³Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kanyang ari-arian at nagtungo sa malayong lupain, taglay ang buo niyang kayamanan, at doo’y nilustay na lahat sa di wastong pamumuhay. ¹⁴Nang malustay na niya ang kanyang kayamanan, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing yaon, at nagdalita siya. ¹⁵Kaya’t namasukan siya sa isang mamamayan ng lupaing yaon. Siya’y pinapunta nito sa bukid upang mag-alaga ng baboy. ¹⁶Ibig sana niyang punan ang kanyang pagkain kahit ng mga bungang-kahoy na ipinakakain sa mga baboy ngunit walang magbigay sa kanya. ¹⁷Nang mapag-isip-isip niya ang kanyang ginawa, nasabi niya sa sarili, ‘Ang mga alila ng aking ama ay may sapat na pagkain—at lumalabis pa—samantalang ako’y namamatay ng gutom dito! ¹⁸Babalik ako sa kanya, at sasa-bihin ko, ‘Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. ¹⁹Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak; ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila.’” ²⁰At tumindig siya at pumaroon sa kanyang ama.

“Malayo pa’y natanawan na siya ng ama at ito’y labis na nahabag sa kanya, kaya’t patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinagkan. ²¹Sinabi ng anak, ‘Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak.’ ²²Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, ‘Madali! Dalhin ninyo rito ang pinakamahasay na damit at isuot sa kanya. Suutan siya ng singsing at panyapak. ²³Kunin ang pinatabang guya at patayin; kumain tayo at magsaya! ²⁴Sapagkat namatay na ang anak kong ito; ngunit muling

nabuhay; nawala, ngunit nasumpungan.’ At sila’y nagsaya.

²⁵Nasa bukid noon ang anak na panganay. Umuwi siya, at nang malapit na sa bahay ay narinig niya ang tugtugan at sayawan. ²⁶Tinawag niya ang isa sa mga alila at tinanong: ‘Bakit? May ano sa atin?’ ²⁷‘Dumating po ang inyong kapatid!’ tugon ng alila. ‘Ipinapatay ng inyong ama ang pinatabang guya, sapagkat nagbalik siyang buhay at walang sakit.’ ²⁸Nagalit ang panganay at ayaw itong pumasok sa bahay. Kaya’t lumabas ang kanyang ama at inamu-amo siya. ²⁹Ngunit sinabi nito, ‘Pinaglingkuran ko po kayo sa loob ng maraming taon, at kailanma’y hindi ko kayo sinuway. Ngunit ni minsa’y hindi ninyo ako binigyan ng kahit isang bisirong kambing para magkatuwaan kami ng aking mga kaibigan. ³⁰Subalit nang dumating ang anak ninyong lumustay ng inyong kabuhayan sa masasamang babae, ipinagpatay pa ninyo ng pinatabang guya!’ ³¹Sumagot ang ama, ‘Anak, lagi kitang kapiling. Ang lahat ng ari-arian ko’y sa iyo. ³²Ngunit dapat tayong magsaya at magalak, sapagkat **namatay na ang kapatid mo, ngunit muling nabuhay; nawala, ngunit nasumpungan.**’ ”

Tema: **Pagbabalik-loob**

PAGPAPALIWANAG

- Anong pamagat ang gusto mong ibigay sa talinhagang ito?
- Ang mabuting balita ay nahahati sa dalawang bahagi:
-Bb.1-3 Introduksyon/ dahilan upang ipalaganap ang talinhaga at sa bb. 11-32 ang talinhaga (na nababasa lamang sa Lucas)
- Ang nakababatang anak o ang alibughang anak ay kumakatawan sa mga makasalanan na nakikilahok sa hapag-kainan kasama si Hesus.

- Ang nakakatandang anak na lumabas lamang sa kahulihan ng kwento ay kumakatawan sa mga Pariseo at Eskriba na tumangging kumain kasama si Hesus.
- Ang talinhaga ay isang pagsubok upang pilitin ang mga Pariseo at ang mga Eskriba na makihalubilo kay Hesus para sa mga makasalanan at mga nangongolekta ng buwis.
- Ang singsing, ang balabal, at ang mga sapin sa paa ay kumakatawan sa pagpapanatili ng dignidad na mawawala kung mamumuhay salungat sa Diyos
- Ang pagkain ay kumakatawan sa simbolo ng pakikiisa, pagiging bukas sa kung ano ang ibigay ni Hesus sa buhay nila.

PAGNINILAY

Sino ang mga makasalanan sa konteksto ng Mabuting Balita?

Sila ang mga malalayo kay Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumatalakay sa pagdating sa lupang pinangako, na nabigyan-diin dahil sa pagkain nila sa Paskuwa. Ang Ikalawang Pagbasa ay nakatuon sa pagbabalik-loob. Ang Ebanghelyo naman ay tungkol sa pag-uwi, pakikipag-isa sa Ama.







III. SALAMIN NG BUHAY

Bakit ang mga pista ay mahalaga sa atin? Nakikipag-ugnay ba tayo sa ating mga kaaway sa mga panahong katulad nito? (HM)

-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Cl. Anthony John D. Javier, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130